# Bagong Balita
News Release

## Bagong mga Paraan ng Pag-proof ng ID para sa mga Claimant
New ID Proofing Methods for Claimants

Ikinagagalak na ianunsyo ng Hawaii Unemployment Insurance Division (UID) na nakipag-partner ito sa U.S. Department of Labor (USDOL) upang mag-alok sa mga aplikante ng UI ng mga karagdagang pamamaraan ng pag-proof ng ID sa anyo ng digital ID proofing sa pamamagitan ng Login.gov o sa personal na pagtungo sa U.S. Post Office (USPS) na kalahok sa paggawa nito sa buong estado.

Nagkakaloob ang Login.gov sa mga aplikante ng UI ng kakayahang beripikahin ang kanilang ID nang digital sa pamamagitan ng ligtas na website ng gobyerno. Ang mga indibidwal na nais na beripikahin ang kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng login.gov ay kinakailangang lumikha ng account at magbigay ng kanilang impormasyon para sa pagpapatunay. Ang mga aplikante ng UI ay may opsyon din na beripikahin ang kanilang pagkakakilanlan sa karamihan ng mga post office sa buong estado. Ang marami at kalat na mga lokasyon sa bansa ng USPS ay nagpapahintulot sa mga indibidwal na matugunan ang kinakailangan sa pagberipika ng pagkakakilanlan sa loob lang ng ilang minuto at sa loob ng ilang milya mula sa kanilang mga bahay.

Ang bagong mga pamamaraan ng pagberipika ng pagkakakilanlan ay makakatulong na matiyak na makatanggap ng mga benepisyo ng UI ang mga karapat-dapat na claimant saanman sila o hindi alintana ang kanilang kakayahang mag-access ng teknolohiya habang binabawasan ang panganib na maloko. Bilang karagdagan, ang mga bagong pamamaraang ito ng pag-proof ng pagkakakilanlan ay nagpapakita ng matagumpay na kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya ng estado at pederal at makakatulong na matiyak ang integridad ng sistema ng insurance para sa mga walang trabaho habang pinapabilis na makarating ang mga benepisyo kapag kinakailangan ito.

Epektibo noong Agosto 24, 2023, ang mga aplikante ng UI na nagfa-file para sa benepisyo ay dapat magbigay ng patunay ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng isa sa mga pamamaraang ito at maaaring piliin ng mga indibidwal ang pamamaraan na nais nila.

Ang mga postal worker sa mga kalahok na lokasyon ay may sapat na kakayahan upang magkumpleto ang mga serbisyo sa pag-proof ng ID lang at hindi makakasagot ng mga tanong tungkol sa mga insurance claim para sa kawalan ng trabaho. Ang mga indibidwal na may mga tanong tungkol sa unemployment insurance ay dapat bumisita sa https://labor.hawaii.gov/ui o tumawag sa Unemployment Insurance Call Center sa (833) 901-2272 o (808) 762-5751.